INLAND REGIONAL CENTER

…nagpapahalaga sa independence, inclusion, at empowerment

P. O. Box 19037, San Bernardino, CA 92412-6127
Telepono: (909) 890-3000
Fax: (909) 890-3001

Agosto 3, 2023

Department of Developmental Services
1215 O Street, MS 8-20
Sacramento, CA. 95814
(916) 651-6309
OCO@dds.ca.gov

G. Cruz:

Isinumite ng Inland Regional Center (IRC) ang sulat na ito bilang sagot sa sulat ng Department of Developmental Services (DDS) na may petsang Hunyo 26, 2023. Ipinaalam ng sulat sa IRC na batay sa data ng caseload ratio na isinumite ng IRC sa Department noong Marso 27, 2023, hindi natugunan ng IRC ang mga kinakailangang caseload ratio para sa 1) mga consumer na nakatala sa Home and Community-Based Services Waiver; 2) wala pang 6 na taong gulang; 3) mga lumipat sa nakalipas na 12 buwan; 4) mahigit 5 taong gulang, wala sa waiver, mga hindi lumipat; 5) may mga kumplikadong pangangailangan. Ang mga ratio na ito ay iminamandato ng seksyon 4640.6 sub (c) ng Welfare and Institutions Code (WIC) at Artikulo IX, Seksyon 2 ng Regional Center Contract. Ito ang plano ng pagtatama ng IRC alinsunod sa ipinag-aatas sa Seksyon 4640.6 (f) ng WIC.

Gaya ng sa mga nakalipas na taon, patuloy na nakaranas ang IRC ng paglaki ng populasyon ng aming mga kliyente noong nakaraang taon. Noong katapusan ng Marso 2023, may 48,252 kliyente ang IRC. 470 ang average na kaso ng IRC kada buwan, kung saan kasama ang mga bagong kaso, mga paglilipat, at mga pag-reactivate ng kaso. Sa teorya, mangangailangan ang paglagong ito ng bagong unit na may kumpletong tauhan kada 90 araw para mapanatili ang kasalukuyang caseload ratio alinsunod sa ipinag-aatas ng WIC.

Patuloy na nag-post ang IRC ng mga oportunidad sa employment para sa mga Consumer Services Coordinator (CSC) at nag-hire para sa mga posisyong iyon. Mula noong Hunyo 30, 2022, nag-hire ang IRC ng 101 bagong tauhan. Gayunpaman, nawalan ng at kinailangang palitan ng IRC ang 42 karagdagang posisyon. Gaya ng nakasaad sa itaas, patuloy kaming nag-a-advertise para sa mga bagong empleyado at patuloy kaming nagha-hire. Mahalagang banggitin na noong Marso 2023, may kabuuang 919 tauhan ang IRC, kung saan 609 doon ang sa pamamahala ng kaso. Pagsapit ng Hulyo 25, 2023, may kabuuang 985 tauhan ang IRC, kung saan 636 ang nasa pamamahala ng kaso.

Binago ng Unit sa Pagsasanay at Pagpapaunlad (Training and Development Unit) ng IRC ang New Staff Sponsorship Program para sa lahat ng na-hire. In-update ang mga proseso at incentive para sa pagme-mentor ng mga senior na tauhan sa mga bagong tauhan para turuan at gabayan ang mga bagong na-hire. Kasalukuyang may 180 na sinanay na mentor ang IRC na nagsasanay ng mga maalam at aktibong bagong hire habang naglilinang ng kapaligiran sa pagkatuto para mas mapaglingkuran pa ang aming komunidad.

Binibigyan ng IRC ang aming mga bilingual na tauhan ng incentive na buwanang stipend pagkatapos magkumpleto ng competency test. Layunin ng IRC na matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad at sapat na mabayaran ang aming team para sa pagbasa, pagsulat at pagsasalita ng mga low-frequency na wika na kinabibilangan ng: American Sign Language (ASL), Spanish, Arabic, Mandrin/Chinese, Tagalog, at Vietnamese. Naniniwala kaming makakatulong ang stipend na ito sa pagre-recruit ng mga candidate para suportahan ang patuloy na paglago ng ahensya at tumulong sa pagpapaliit ng mga pagkakaiba sa aming Purchase of Services (POS).

Sinuri at in-update ng Executive Management Team ng IRC ang lahat ng kasalukuyang pay scale, na nagresulta sa mas matataas na sahod at nakapagbigay ito ng isang beses na pagtaas ng sahod noong FY22/23 para makatulong sa pagbuo ng stability at longevity sa aming ahensya.

Bagama't maraming positibong bagay ang naidulot ng mga proseso ng virtual na pag-recruit noong panahon ng pandemya, nagdulot din ito ng ilang hamon. Nakapagtala ang aming Human Resources Department ng mga isyu sa koneksyon at komunikasyon sa mga virtual na interview na may sound o video. Naniniwala rin kaming dahil sa mga virtual interview, nahihirapan ang mga candidate na makipag-ugnayan sa hiring manager kung hindi komportableng magsalita nang may camera ang mga ito. Bilang resulta ng mga balakid, nag-host ang Human Resources Department ng IRC noong Oktubre 2022, Marso 2023, at Hunyo 2023 ng mga personal na hiring event at mag-aalok na kami ng mga interview sa personal simula ngayon.

Noong Hulyo 6, 2023, nag-post ang IRC ng abiso sa mga kliyente, pamilya, tauhan, at miyembro ng komunidad para humingi ng pananaw sa pagsunod ng mga caseload sa inlandrc.org. Binigyan din ang komunidad ng kopya ng sulat ng DDS na may petsang Hunyo 6, 2023 sa inlandrc.org/accountability.

Noong Hulyo 17, 2023, nag-post ng survey sa caseload ratio sa English at Spanish sa lahat ng social media platform ng IRC para mangalap ng mga ideya. Binigyan din ang mga magulang, kliyente, vendor, at partner sa komunidad ng pagkakataong dumalo sa isang Pampublikong Meeting noong Agosto 2, 2023, nang 4:30 pm, sa Zoom.

May ibinahaging survey sa caseload sa Tagapayong Komite ng Mga Vendor (Vendor Advisory Committee, VAC) noong Hulyo 31, 2023.

Noong Hulyo 31, 2023, ibinahagi ang survey sa caseload sa lahat ng tauhan sa IRC. Matapos suriin ang mga sagot sa survey, natukoy na kami, bilang isang ahensya, ay may pagkakataong makipagtrabaho nang mas malapitan sa aming mga pinapahalagahang tauhan sa susunod na taon, kung saan lilinangin ang mas malalim na pag-unawa sa mga sumusunod: caseload ratio, epekto sa pinaglilingkuran namin, sa WIC code, at kung paano namin mapapaliit ang disparity na ito bilang isang team.

Noong Hulyo 10, 2023, ibinahagi ng IRC ang sulat tungkol sa caseload ratio, link sa mga Zoom meeting, survey, at anunsyo tungkol sa meeting sa State Council on Developmental Disabilities (SCDD). Hindi dumalo ang SCDD.

Ibinahagi sa DDS ang notification sa meeting noong Hulyo 10, 2023, at mayroong kinatawan noon.

Noong Agosto 2, 2023, sa Zoom, walang ibinigay na pananaw ng publiko pagkatapos ng isang maikling presentasyon. Walang magulang ng mga Kliyente ng IRC ang dumalo sa meeting.

Bumabati,

Lavinia Johnson
Executive Director